# #DuterteDuwag

## Sukdulang Pagtatraydor at Pagmamanikluhod sa mga Imperyalistang Amo



Masahol na traydor at tuta si Duterte. Kahanay niya sa kasaysayan sina Humabon, Aguinaldo, Quezon, Lagman at iba pang mga reaksyunaryo at oportunistang nagsangkalan sa kapakanan ng mamamayang Pilipino kapalit ng suporta at proteksyon ng kanilang mga among imperyalista. Sa limang taong panunungkulan, ikinonsentra ni Duterte ang pwersa ng kanyang mersenaryong hukbo laban sa sibilyang populasyon habang itinataguyod ang walang patlang na pandarambong ng Tsina, US at iba pang dayuhang kapangyarihan sa West Philippine Sea at iba pang bahagi ng bansa.

### Legasiya ng Pagpapakatuta

Ang tanging legasiya ni Duterte ay ang mahaba at duguan na rekord ng kanyang mga krimen laban sa mamamayan. Maliban sa pagiging punong mamamatay-tao, wala ring kaparis ang kanyang pagpapakatuta sa mga dayuhang kapangyarihan. Sa isang kamay, lantaran niyang pinahihintulutan ang Tsina sa pag-atake sa soberanya ng bansa. Sa kabila naman, patuloy ang kanyang pakikipagmabutihan sa US kapalit ng ayudang militar at iba pang konsesyong sang-ayon sa kanyang interes. Sa ilalim ng kanyang inutil na pamumuno, unti-unting kumikitid ang teritoryo ng bansa sa kapakinabangan ng mga imperyalista at dayuhang mandarambong.

Tulad ng hungkag na pangakong sumakay ng jet ski tungo sa West Philippine Sea dala-dala ang bandera ng Pilipinas, isa lamang malaking biro para sa pasistang diktador ang pagharap sa mga atake sa soberanya ng bansa. Pilit ipinalulunok ng pasistang diktador na walang magagawa ang mamamayan at ang reaksyunaryong gubyerno upang pigilan ang panghihimasok ng Tsina sa teritoryo ng bansa. Ipinangangalandakan pa nga nitong dapat magpasalamat pa ang mamamayang Pilipino dahil sa mga ibinigay na Covid-19 vaccine doses ng Tsina.

Pawang pakitang-taong hakbang ang mga protestang hinain ng reaksyunaryong gubyerno laban sa Tsina sa international tribunal. Sa napadesperadong tangkang takasan ang pananagutan, ibinaling pa ni Duterte ang sisi sa kanyang kapwa tuta – sa rehimeng US-Noynoy Aquino. Sa huli, higit na sinasalamin ng mga aksyon at hakbang ng tutang administrasyon ang katapatan nito sa interes ng mga imperyalista.

Nang banggain ng mga warship ng Tsina ang mga mangingisdang Pilipino sa karagatan ng Zambales, tikom ang bibig ng rehimeng US-Duterte. Ni hindi nito iginiit ang bayad-danyos para sa mga mangingisdang napahamak. Wala ring anumang hakbang upang papanagutin ang imperyalistang Tsina.

Ipinagkikibit-balikat din ni Duterte ang presensya ng daan-daang warship ng Tsina na matagal nang nakadaong sa West Philippine Sea at ang pagtatayo ng mga baseng militar ng Tsina sa mga artipisyal na isla rito. Ngayong buwan, umabot na maging sa karagatan ng Paracale, Camarines Norte ang dalawang vessel ng Tsina na nangunguha ng buhanging mayroong iron ore.

Maging ang mga patakaran sa paggugubyerno ng rehimeng US-Duterte ay katumbas ng lubusang pagpapakatuta nito sa imperyalista. Tuluy-tuloy ang pagtutulak nito ng Charter Change o Cha-Cha, na nagtatanggal ng lahat ng restriksyon sa ekonomya at nagbubukas sa buu-buong panghihimasok ng mga dayuhang kapangyarihan sa lahat ng rekurso ng bansa.

Makailang-ulit na rin niyang ipinagtanggol at pinalakas ang mga batas at atas na nagpapahintulot sa pandarambong ng mga dayuhang minahan at negosyo sa bansa. Kabilang dito ang pagbibigay ng pabor sa mga Tsinong kontraktor sa mga proyektong pang-

imprastruktura at turismo. Halimbawa nito ang nakaambang pagtatayo ni Huang Rulun, isa sa maraming kroni ni Duterte, ng MPARK-MITESEZ sa Masbate at ang pagpondo ng Tsina sa pagtatayo Philippine National Railways (PNR) Long South Haul na raragasa sa libu-libong ektaryang taniman at kabahayan mula Maynila hanggang Matnog, Sorsogon.

Hindi matutumbasan ng mga limos na donasyon ng Covid-19 vaccine o kahit ng limpak-limpak na ayudang militar ang mga rekurso ng bansang dinambong at yinurakan ng Tsina. Hindi sasapat na kapalit ng libu-libong buhay at kabuhayang sinira at ipinagkait mula sa mga mangingisda, magsasaka at iba pang sektor ng bansa ang mga konsesyong tanging ang pangkating Duterte lang naman ang nakikinabang.



## Ano ang dapat gawin?

Rebolusyonaryong pagbabago ng sistema, hindi lamang reporma, ang kinakailangan upang ganap na makamtan ng mamamayan ang tunay na kalayaan. Ang laban para igiit ang karapatan ng soberanong kapangyarihan ng mamamayang Pilipino sa West Philippine Sea at iba pang teritoryo ng bansa ay integral na bahagi ng malawak na anti-imperyalistang laban ng masang api at pinagsasamantalahan sa buong daigdig. Ito ang adhikain ng armadong rebolusyon ng mamamayan. At tiyak na magpapatuloy ito lampas pa sa termino ng sinumang maging mukha ng reaksyunaryong estado.

Tanging ang mamamayang Pilipinong tunay na nagbubungkal at naglilinang ng kalupaan at ilang siglo nang nakikibaka para sa kanilang kalayaan ang mayroong kapangyarihang igiit at ipagtanggol ang kanilang karapatan sa soberanya at patrimonya ng bansa.

Kinakailangan pang palakasin at isustine ng mamamayang Pilipino ang kanilang laban para ipagtanggol ang soberanya ng bansa. Dapat mapamunuan ng mga rebolusyonaryong kilusan ang ispontanyong paglaban ng mamamayan upang maidirehe ito sa mas malawak at mataas na pakikibaka laban sa imperyalismo. Buklurin ang lahat ng sektor ng lipunan, laluna ang mga makabayan at patriyotikong indibidwal at organisasyon. Dapat patuloy na kundenahin sa lahat ng porma at daluyan ang kainutilan ng rehimeng US-Duterte at ang sadyang kaduwagan nitong harapin ang mga atake sa soberanya ng bansa. Dapat igiit ng mamamayan ang pangingibabaw ng kanilang soberanong awtoridad. Sila, hindi ang pangulo, ang tunay na mapagpasya.


Kasabay nito, dapat ibayong palakasin ng rebolusyonaryong kilusan ang armadong paglaban. Gaya ng higpit ng pagtangan nina Lapu-Lapu at Bonifacio sa kanilang mga katutubong sandatang tumapos sa lumang yugto ng kolonyalismo, marapat lamang na panghawakan ng Bagong Hukbong Bayan ang kanilang mga riple laban sa nagpapatuloy na pang-aapi at pagsasamantala ng mga dayuhan at imperyalistang kapangyarihan. Bawat aksyong pamamarusa ng BHB laban sa mga dambuhala at mapaminsalang minahan at iba pang proyektong pang-imprastruktura ay pagbibigay-katarungan sa masang Pilipinong inaagawan ng lupa't kabuhayan, pinagkakaitan ng karapatang mamuhay nang malaya at marangal.

Ang pagkilos ng nagkakaisang mamamayang Pilipino at kanilang Pulang Hukbo upang ipaglaban ang soberanya ay hindi magagaping pwersang pipigil at bibigo sa tangka ni Duterte na tuluyang ipagkaloob maging ang kahuli-hulihang teritoryo ng bansa sa kanyang mga imperyalistang amo.■

**Ibagsak ang rehimeng US-Duterte! Labanan ang dayuhang panghihimasok at imperyalistang pandarambong! Ipagtanggol ang soberanya ng bansa! Isulong ang demokratikong rebolusyong bayan!**


Panoorin ang seryeng
**LABANWAAN**
sa https://tinyurl.com/ndfbikol_vids

I-download at basahin
ang iba pang isyu ng




sa yandex.disk/silyabbikol
marojabanua.wordpress.com